REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-129

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT NG VIC VERA BUILDERS, INC. PARA SA PAGGAWA NG ILANG LANSANGANG-BARANGAY SA LOBO, BATANGAS BATAY SA TULONG-PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON (P1,000,000.00) NA NILAAN PARA DITO NA IPINAGKALOOB NG UNA (MUNTINLUPA) SA HULI (LOBO).

************************************************************

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtibay ang Kapasiyahan Bilang 93-65 na nagkakaloob ng halagang P300,000.00 at Kapasiyahan Bilang 93-98 na nagkakaloob ng halagang P700,000.00 bilang tulong-pinansiyal sa Bayan ng Lobo, Batangas para sa pagpapagawa ng isang daang makapag-uugnay sa ibang karatig-lugar nito;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtitibay pa rin ng Kapasiyahan Bilang 93-64 na nagpapalawig ng pangkalakalan at pampublikong pakikipag-ugnayan sa Bayan ng Lobo, Batangas sa pamamagitan ng pagtatatag ng kasunduang kapatiran sa pagitan ng nasabing bayan at ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang Bayan ng Lobo, Batangas sa pamamagitan ng mga pambayang opisyales nito ay dumulog sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa masidhing pangangailangan ng kanilang bayan na magkaroon ng isang daang mag-uugnay sa kanilang kabayanan patungo sa mga barangay nito at mga karatig bayan;

SAPAGKAT, ang Vic Vera Builders, Inc. ay may sapat na kakayahan at kaukulang mga kagamitan upang magawa ang mga binabanggit na lansangang-barangay;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtitibay ang kasunduan sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at ng Vic Vera Builders, Inc. para sa paggawa ng ilang lansangang-barangay sa Lobo, Batangas batay sa tulong-pinansiyal na nagkakahalaga ng Isang Milyon (P1,000,000.00) na nilaan para dito na ipinagkaloob ng una (Muntinlupa) sa huli (Lobo).

PINAGTIBAY NG HIGIT NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-76th na regular na pulong na ginanap ngayong ika-28 ng Pebrero, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Di Sang-ayon)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

(Di- Lumahok)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY B. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Di Sang-ayon)
KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A.ABAS, JR.
Konsehal

(Di Sang-ayon)
KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan